# Mga Importanteng Petsa para sa 2024 Halalan

*(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari)*

| Petsa | (Mga) Araw | Tala | Sitasyon ng Batas |
|---|---|---|---|
| **Nobyembre 5, 2024, Pangkalahatang Halalan** | | | |
| 9/6/24 | Biyernes | **Huling Araw upang Mag-opt Out sa Koreong Balota:** Ang huling araw para TUMANGGAP ang Departamento ng Halalan ng NAKA PRINT O ONLINE na kahilingan upang hindi padalhan ang botante ng koreong balota ay 60 araw bago ang Araw ng Halalan. | NRS 293.269911(2) |
| 9/21/24 | Sabadao | **Huling Araw para sa Simula ng Pagpapadala ng Mga Balota sa Militar at sa Ibang Bansa:** Ang mga koreong balota ay dapat handa na para sa pamamahagi sa mga botanteng militar at sa ibang bansa hindi lalampas sa 45 araw bago ang Araw ng Halalan. | NRS 293D.320(1) |
| 9/26/24 | Huwebes | **Huling Araw para sa Simula ng Pagpapadala ng Mga Balota sa Labas ng Estado:** Ang mga koreong balota ay dapat handa na para sa pamamahagi sa mga botante sa labas ng estado hindi lalampas sa 40 araw bago ang Araw ng Halalan.. | NRS 293.269911(5)(a)(2) |
| 10/8/24 | Martes | **Huling Araw para sa Karaniwang Pagpaparehistro:** Ang ikaapat na Martes bago ang Araw ng Halalan ay ang huling araw para magparehistro para bumoto o i-update ang kasalukuyan mong pagpaparehistro nang hindi kinakailangang gawin ito sa website ng Kalihim ng Estado o sa pamamagitan ng magkaparehong araw na pagpaparehistro. | NRS 293.560(1)(a)(1), (1)(a)(2) |

# Mga Importanteng Petsa para sa 2024 Halalan

*(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari)*

| Petsa | (Mga) Araw | Tala | Sitasyon ng Batas |
|---|---|---|---|
| 10/9/24 hanggang 10/22/24 | Miy.-Mar. | **Online Lamang na Pinahabang Pagpaparehistro at Mga Update (14 na araw):** Sa panahong ito sa Lalawigan ng Clark, NV, maaari kang magparehistro para bumoto o i-update ang iyong kasalukuyang pagpaparehistro sa online LAMANG sa website ng Kalihim ng Estado sa **https://RegistertoVote.NV.gov** Awtomatiko ka pa ring padadalhan ng koreong balota. Maaari ka ring magpasyang bumoto nang personal (sa halip na sa pamamagitan ng koreo) gamit ang isang makina para sa pagboto sa anumang lugar para sa Maagang Pagboto o Sentro ng Pagboto sa loob ng Lalawigan **IMPORTANTE:** Kung magpaparehistro ka o mag-update ng kasalukuyang pagpaparehistro sa o pagkalipas ng 10/23/24, kung gayon para sa kasalukuyang halalan ay maaari ka lamang bumoto nang personal sa anumang lugar ng Maagang Pagboto o Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan ayon sa kinakailangang ng parehong araw na proseso ng pagpaparehistro at mga update. Hindi ka maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo. Ang mga bagong rehistro ay maaari lamang bumoto ng isang probisyonal na balota. | NRS 293.5837(2)<br>NRS 293.5832<br>NRS 293.560(1)(a)(2) |

# Mga Importanteng Petsa para sa 2024 Halalan

***(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari)***

| Petsa | (Mga) Araw | Tala | Sitasyon ng Batas |
|---|---|---|---|
| 10/16/24 | Miyerkules | **Huling Araw para sa Simula ng Pagpapadala ng Mga Balota sa Loob ng Estado:**Ang mga koreong balota ay dapat handa na para sa pamamahagi sa mga botante ng estado nang hindi lalampas sa 20 araw bago ang Araw ng Halalan. | NRS 293.269911(5)(a)(1) |
| 10/17/24 | Huwebes | **Walang Pagpapadala ng Halimbawang Balota sa Bago o Na-update na mga Botante:** Kung magpaparehistro ka upang bumoto o mag-update ng iyong kasalukuyang pagpapaparehistro sa o pagkatapos ng petsang ito (mas mababa sa 20 araw bago ang Pangkalahatang Halalan), hindi ka padadalhan ng halimbawang balota para sa kasalukuyang halalan para sa bago o na-update na pagpapaparehistro. | NRS 293.565(7) |
| 10/19/24<br>to<br>11/1/24 | Sab.-Biy. | **Maagang Pagboto, (14 na Araw):** Ang sinumang botante na nakarehistro sa Lalawigan ng Clark (kabilang ang mga nakatanggap ng koreong balota at sa halip ay gustong bumoto nang personal sa isang makina ng pagboto) ay maaaring bumoto sa anumang lugar ng Maagang Pagboto sa loob ng Lalawigan. Ang personal na pagpapaparehistro ng botante sa parehong araw at mga update ng kasalukuyang pagpapaparehistro ay magagamit. Ang lahat ng mga lugar ng Maagang Pagboto ay magsisilbi rin bilang lugar na paghuhulugan ng koreong balota sa mga oras ng pagboto. Ang mga petsa at oras ay nag-iiba ayon sa lokasyon. | NRS 293.3568 |

# Mga Importanteng Petsa para sa 2024 Halalan

*(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari)*

| Petsa | (Mga) Araw | Tala | Sitasyon ng Batas |
|---|---|---|---|
| 10/22/24 | Martes | **Huling Araw para Mag-opt In Muli sa Pagboto ng Koreong Balota (Kung Dati Kang Nag-opt Out):** Ang huling araw para TUMANGGAP ang Departamento ng Halalan ng NAKA PRINT O ONLINE na kahilingan upang mag opt-in muli sa pagboto ng koreong balota (kung dati kang nag-opt out) ay 14 na araw bago ang Araw ng Halalan. | NRS 293.5837(2)<br>NRS 293.269911(1) |
| 10/23/24<br>to<br>11/5/24 | Miy.-Mar. | **Magkaparehong Araw at Mga Update Online (14 na Araw)**: Sa Araw ng Halalan, magparehistro para bumoto o i-update ang iyong kasalukuyang pagpaparehistro sa website ng Kalihim ng Estado ng Nevada sa **https://RegistertoVote.NV.gov**. HINDI ka papadalhan ng halimbawang balota para sa kasalukuyang halalan at HINDI ka maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo. Maaari ka lamang bumoto nang personal sa isang makina ng pagboto sa anumang lugar ng Maagang Pagboto o Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan na iyong pinili sa loob ng Lalawigan. Ang mga bagong pagpaparehistro ay maaari lamang bumoto ng isang probisyonal na balota. | NRS 293.5837(2) |

# Mga Importanteng Petsa para sa 2024 Halalan

***(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari)***

| Petsa | (Mga) Araw | Tala | Sitasyon ng Batas |
|---|---|---|---|
| **11/5/24**<br>**7nu-7ng** | **Martes** | **ARAW NG PANGKALAHATANG HALALAN:** Ang sinumang botante na nakarehistro sa Lalawigan ng Clark (kabilang ang mga nakatanggap ng koreong balota at sa halip ay gustong bumoto nang personal sa isang makina ng pagboto) ay maaaring bumoto sa anumang  Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan sa loob ng Lalawigan. Ang personal na pagpaparehistro ng botante sa parehong araw at mga update ng kasalukuyang pagpaparehistro ay magagamit. Ang lahat ng mga Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan ay magsisilbi ring lokasyon na paghuhulugan ng  koreong balota mula 7nu hanggang 7ng. | **NRS 293.12755**<br>**NRS 293.273(1)**<br>**NRS 293.305** |
| 11/8/2024<br>5nh | Biyarnes | **Huling Araw para Magbigay ng ID ng Probisyonal na Balota at/o Patunay ng Paninirahan (KUNG KINAKAILANGAN LAMANG):**  Ang huling araw na maaaring tumanggap and Departamento ng Halalan ng ID at/o Katibayan ng Paninirahan mula sa mga botante ng probisyonal na balota na dapat magbigay ng dokumentasyong ito (ang mga apektadong botante ay napag-alaman **kung** ito ay kinakailangan). | NRS 293.3082(1)(h)(5)<br>NRS 293.3082(1)(i)(3) |

# Mga Importanteng Petsa para sa 2024 Halalan

***(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari)***

| Petsa | (Mga) Araw | Tala | Sitasyon ng Batas |
|---|---|---|---|
| 11/8/2024<br>5nh | Biyernes | **Huling Araw para sa Pagtanggap ng Koreong Balota na Mayroong Boto na Walang Katiyakang Marka sa Koreo:** Kung ang isang koreong balota ay natanggap sa pamamagitan ng koreo nang hindi lalampas sa 5nh sa ikatlong araw pagkatapos ng halalan at ang petsa ng marka sa koreo ay hindi matukoy, ang koreong balota ay dapat ituring na namarkahan ng koreo sa o bago ang araw ng halalan. | NRS 293.269921(2) |
| 11/9/2024<br>5nh | Sabado | **Huling Araw para sa Pagtanggap ng Koreong Balota na Mayroong Boto na Ibinalik sa Pamamagitan ng Post Office:** Pagsapit ng ika-5 ng hapon sa ika-apat na araw pagkatapos ng Araw ng Halalan, dapat matanggap ng Departamento ng Halalan ang mga koreong balota na mayroong boto na may tatak-koreo na hindi lalampas sa Araw ng Halalan. | NRS 293.269921(1)(b)(2) |

# Mga Importanteng Petsa para sa 2024 Halalan

***(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari)***

| Petsa | (Mga) Araw | Tala | Sitasyon ng Batas |
|---|---|---|---|
| 11/12/2024<br>5nh<br>*Tandaan: Dahil ang 11/11/24 (ika 6 na araw pagkatapos ng Araw ng Halalan) ay ang pista opisyal ng Araw ng mga Beterano, ang petsa ay inilipat sa 11/12/24.* | Martes | **Huling Araw ng Pagsasaayos sa mga Isyu sa Pirma sa Koreong Balota:** Kung kukuwestiyunin ang iyong pirma sa labas ng sobreng ibabalik ng iyong koreong balota, o kung hindi ka pumirma sa labas ng sobreng iyon, aabisuhan ka ng Departamento ng Halalan gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na nasa iyong pagpaparehistro ng botante. Magkakaroon ka ng hanggang 5nh sa ika anim na araw pagkalipas ng Araw ng Halalan para magbigay ng kumpirmasyon sa pirma o ng aktwal na pirma. | NRS  293.269927(6)<br>NRS 293.1275 |
| 11/15/24 | Biyernes | **Huling Araw para sa Pagcanvass ng Lalawigan:** Dapat macanvass ng mga Komisyoner ng Lalawigan ng Clark ang mga resulta ng Pangkalahatang Halalan sa o bago ang ikasampung araw pagkatapos ng Pangkalahatang Halalan. | NRS 293.387(1) |
| 11/20/24 | Miyerkules | **Huling Araw upang Humingi ng Muling Pagbilang para sa Mga Labanan at Tanong na Nakakaapeko sa Lalawigan ng Clark at ang mga Lungsod Lamang:** Dapat i-submit ang kahilingang ito sa Tagaparehistro ng Mga Botante ng Lalawigan ng Clark sa loob ng tatlong araw pagkatapos ng pagcanvass ng Komisyon ng Lalawigan. | NRS 293.403 |
| 11/26/24 | Martes | **Pagcanvass ng Korte Suprema ng Nevada:** Dapat maisagawa sa ika-4 na Martes sa Nobyembre pagkatapos ng Pangkalahatang Halalan. | NRS 293.395(2) |

# Mga Importanteng Petsa para sa 2024 Halalan

***(maaaring magbago dahil sa mga hindi inaasahang kaganapan o pangyayari)***

| Petsa | (Mga) Araw | Tala | Sitasyon ng Batas |
|---|---|---|---|
| 12/3/24 | Martes | **Huling-araw upang Humingi ng Muling Pagbilang para sa Mga Labanan at Tanong na Nakakaapekto sa Maraming Lalawigan.** Dapat i-submit ang kahilingang ito sa Kalihim ng Estado ng Nevada sa loob ng tatlong araw pagkatapos ng pagcanvass ng Korte Suprema ng Nevada. | NRS 293.403<br>NRS 293.1275 |